CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
IMMIGRANT RIGHTS COMMISSION

Edwin M. Lee, Mayor
Naomi Kelly, City Administrator

Commissioners:

Celine Kennelly, *Chair*
Haregu Gaime, *Vice Chair*
Almudena Bernabeu
Elahe Enssani
Felix Fuentes
Florence Kong
Melba Maldonado
Toye Moses
Mario Paz
Leah Chen Price
Andrei Romanenko

Executive Director:
Adrienne Pon

Ang Komisyon sa Karapatan ng mga Imigrante sa San Francisco (IRC) ay nagpahayag ng pagkadismayado nito sa desisyon ng Supreme Court na split 4-4 na desisyon sa *United Stated vs Texas*

Sa sobrang pagkadismayado, ang Komisyon sa Karapatan ng mga Imigrante sa San Francisco (IRC) ay nalulungkot sa ngayong split 4-4 desisyon ng Supreme Court sa United States vs. Texas, na ipinahihiwatig ang patuloy na pagkabinbin sa mga Executive Action ni president Obama.hinggil sa immigrasyon.

Maproprotektahan sana ng Expanded Deferred Action for Childhood Arrivals, (expanded DACA) at ang Deferred Action for Parents of Americans and Lawful Permanent Residents (DAPA) ang milyon-milyong tao—kasama ang halos 1.5 milyon sa California at mga 14,000 sa Syudad at county ng San Francisco- mula sa deportasyon at mabibigyan sana sila ng paraan para makapagtrabaho ng legal sa Estados Unidos.

Kahit ito ay pansamantalang hadlang, ang Komisyon ng karapatan ng mga Imigrante ay tuloy-tuloy na makikipaglalaban lalaban kasama ang mga dedikadong organisasyon na non-profit sa San Francisco, sa rehiyon at sa buong bansa na tutulong para sa komprehensibong imigrasyon na magpapanatiling sama-sama ang mga pamilya, nagtitiyak ng kaparaanan sa pagiging citizen at pangangalagaan ang karapatan pang tao.

“Kailangan tingnan ang desisyong ito sa tunay nyang kahulugan – ang kakulangan ng Korte Suprema na magdesisyon sa isyu na ito – gaya ng sinabi ni President Obama, ang desisyon na ito ay hindi isang makabuluhang pahayag ng paniniwala ng Estados Unidos. Ang pagtanggi ng Kongreso na isaalang-alang ang kandidatong nominado ni President Obama sa Korte Suprema ay mayroon ngayong hindi sinasadyang mala-delubyong epekto,” sinabi ni Celine Kennelly, Chair ng Immigrant Rights Commission.

Naninindigan kami kasama ng karamihang mga Amerikano na naniniwala na tayo ay isang bayan ng mga imigrante at nananawagan kami sa Kongreso na ayusin ang sirang Sistema ng imigrasyon at

ipasa ang reporma sa komprehensibong imigrasyon," dagdag ni Kennelly.

Para sa lahat ng mga tao na naapektuhan ng desisyong ito, nais naming ulitin na ang desisyong ito ay hindi binabalewala ang orihinal na programa ng Deferred Action for Childhood Arrivals (DACA) na inilunsad noong 2012. Ang mga kwalipikadong mga aplikante ay dapat pa rin mag-apply at i-renew ang DACA.

Tinatayang 4,000 residente ng San Francisco ay kwalipikado para sa orihinal na programa ng DACA, at ang Syudad at County ng San Francisco ay patuloy na tumutulong sa mga nagtatrabaho at/o pumapasok sa eskwelahan sa San Francisco sa pag-apply sa DACA. Ang Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs (OCEIA) ay ang nangangasiwa ng grant program ng Deferred Action San Francisco, na nagbibigay ng pondo sa 15 mga non-profit na organisasyon upang magbigay ng libreng legal na tulong, edukasyon at outreach tungkol sa DACA pati na rin ang tulong pambayad sa aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito, bumisita lamang po sa www.dacasf.org.

Kahit na nakabinbin ang DAPA at ang pinalawak na DACA, hinihikayat pa rin ng Immigrant Rights Commission ang mga pamilyang imigrante na gumawa ng ilang mga hakbangin at protektahan ang sarili, katulad ng: kumuha ng screening mula sa kwalipikadong mga nagbibigay ng serbisyong legal upang alamin kung maaari silang mag-apply para sa orihinal na DACA at iba pang maaaring gawin tungkol sa imigrasyon; pag-apply para sa driver's license (lisensya sa pagmamaneho) sa ilalim ng batas ng California na AB60; pag-enroll ng mga bata sa Medi-Cal; at pag-apply para maging citizen kung kwalipikado; at pagpaparehistro para bumoto kung mga U.S. Citizen na.

The Immigrant Rights Commission will continue to serve as the voice for San Francisco's immigrants in matters of immigration reform and local issues affecting our community.

Ang Immigrant Rights Commission ay patuloy na magsisilbi bilang boses ng mga imigrante sa San Francisco kaugnay ng mga reporma sa imigrasyon at mga local na isyu na apektado ang ating komunidad.

Respectfully submitted on behalf of the Commission,
Magalang na isinusumite sa ngalan ng Komisyon,

Celine Kennelly, Chair

Haregu Gaime, Vice Chair

Ang Immigrant Rights Commission ay isang 15 miembro na grupo na nagbibigay ng impormasyon at payo sa Mayor, ang Board of Supervisors at mga opisyal ng City hinggil sa kapakanan ng at sa integrasyon ng mga imigrante sa San Francisco. Ang mga miembro ng Komisyon ay kinakailangang mga mamamayan ng Estados Unidos at hindi bababa sa walong miembro ay kailangang mga imigrante. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa IRC, ikontakin lamang po ang Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs sa civic.engagement@sfgov.org.